# Lupon ng Pag-uugnay sa mga Ahensya (Interagency Coordinating Council o ICC) sa Maagang Interbensyon

## Mga Katitikan ng Komite sa Komunikasyon at Pakikipag-ugnayan

Pebrero 5, 2026

[Pagre-rekord ng Pulong]



Department of Developmental Services

# MGA KATITIKAN NG PULONG

## PAGBUBUKAS:

- Maligayang Pagdating
- Mga Bagay ng Pag-aayos
- Mga Pagpapakilala/Roll Call
- Pagrepaso ng Adyenda

## MGA UPDATE MULA SA MGA KAPWA TAGAPANGULO (CO-CHAIR) NG KOMITE

- Malugod na tinanggap ni Robert Rochin ang lahat at tinalakay ang limang pangunahing prayoridad ng grupo:
    - Ipakilala at itaguyod ang layunin ng Interagency Coordinating Council (ICC).
    - Muling suriin ang kasalukuyang mga materyales sa pagpapalaganap ng ICC.
    - Bigyang-kapangyarihan ang mga kasalukuyang miyembro bilang mga tagapagsulong ng ICC.
    - Magtatag ng isang mentorship program para sa mga bagong miyembro ng ICC.
    - Gabayan ang pagre-recruit ng ICC sa pamamagitan ng isang pananaw na nakatuon sa pagkakaiba-iba.
- Muling binigyang-diin ni Doug ang kahalagahan ng pakikinig mula sa mga pamilya at tagapagbigay ng serbisyo sa buong California.
- Ibinahagi ni Jasmine Suo ang mga bagay na dapat gawin sa pag-aayos, kabilang ang kung paano gamitin ang interpretasyon sa Espanyol at American Sign Language (ASL), kung paano magbahagi ng mga komento, at kung paano gamitin ang chat.
- Nagsagawa si Jane Lee ng roll call at inimbitahan ang sinumang kinatawan ng komunidad na hindi natawag ang pangalan na mag-email sa kanya sa jane.lee@dds.ca.gov upang itala ang kanilang pagdalo.

# SURIIN ANG PAG-USAD SA POWERPOINT PARA SA ORYENTASYON NG MGA BAGONG MIYEMBRO

- Nagbigay si Robert Rochin ng buod ng mga nagdaang aktibidad ng pagpupulong, kabilang ang pagtipon ng mga makasaysayang dokumento ng ICC at pagpaplano para sa mga bagong mapagkukunan. Ang mga pagsisikap sa pagpaplano ay nakatuon sa isang bagong adyenda para sa mga miyembro at presentasyob sa PowerPoint na gumagamit ng wika na angkop para sa pamilya at isinasaalang-alang ang mentorship program.
- Ibinahagi sa screen ang draft na PowerPoint (PPT).
- Iminungkahi ni Doug Erber na magkaroon ng isang oryentasyon para sa mga pamilya at isa para sa mga propesyonal.
    - Sumang-ayon si Jenifer Pearsall.
    - Napansin din ni Yuuko Johnson na ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay patuloy ding natututo tungkol sa iba't ibang aspeto ng maagang interbensyon. Sumang-ayon si Julie Maier.
    - Naisip ni Julie Maier kung maaaring pareho ang bersyon, upang lahat ay may access sa parehong impormasyon anuman ang kanilang tungkulin. Sumang-ayon din ang ilan pa.
    - Nagmuni-muni si Doug Erber at sumang-ayon na ang isang bersyon ay tila mas nagkakaisang pamamaraan. Ipinunto niya ang kahalagahan ng paggawa nitong madaling basahin at pagpapaliwanag ng mga akronim.
- Sa “Advise and Assist” na slide, nagtanong si Doug Erber kung ano ang tinutukoy na “grant application.”
    - Naniniwala si Debbie Sarmento na ito ay ang pederal na aplikasyon, at sumang-ayon si Jane Lee na ito ay ang “grant application sa United States Department of Education” (Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos). Mas makakatulong din kung ipapaliwanag nang mas detalyado ang Annual Performance Report (Taunang Ulat sa Pagganap).
    - Ipinunto ni Doug Erber na ang mga paliwanag ay dapat madaling maintindihan upang hindi malula ang mga bagong miyembro, at itinuro rin niya ang iba pang bahagi ng slide kung saan maaaring isulat nang buo o ipaliwanag ang mga akronim.
    - Ibinahagi ni Julie Maier na nagbibigay ng higit na linaw ang mga tala ng tagapagsalita, ngunit dapat itong ipamahagi sa ilang mga slide dahil marami itong impormasyon. Halimbawa, mahalaga para sa mga pamilya ang impormasyon tungkol sa pagresolba ng alitan.

- Sa slide na “Authorized Activities” (Mga Awtorisadong Aktibidad), tinanong ni Robert Rochin kung totoo pa rin ba ang mga aktibidad.
    - Doug Erber – sa paraan ng pagkakasulat ng “Advisory councils…”(Konseho ng pagpapayo), maaaring magmukhang magkakaibang konseho ang mga iyon.
    - Nagtataka si Julie Maier kung tumutukoy ba ang linyang iyon sa ICC Council Reports (Mga Ulat ng Konseho ng ICC), o kung ibig sabihin nito ay mga paraan kung paano nananatiling may alam ang mga miyembro sa labas ng mga pagpupulong ng ICC.
    - Iniisip ni Debbie Sarmento na maaaring may kaugnayan ang isang linya sa isang singil na natanggap ng ICC ng estado mula sa pamahalaang pederal.
- Sa slide ng “History” (kasasysayan), napansin ni Robert Rochin na ang kulang ay higit pang impormasyon tungkol sa partisipasyon ng pamilya.
    - Napansin ni Julie Maier na ang bersyong ibinahagi para sa pagsusuri ay walang access sa mga tala ng tagapagsalita at sumang-ayon siyang dapat pang dagdagan ang bahagi ng Kasaysayan.
    - Napansin nina Robert Rochin at Doug Erber ang pangangailangang magdagdag ng “mga nagawa” sa Kasaysayan.
- Tinanong ni Shanice Orum kung may mga link para sa mga tao na maaaring piliin kung saan sila pwedeng magbasa o matuto pa, at iminungkahi niyang isama ang mga video at/o mga salaysay tungkol sa kung paano naaapektuhan ng ICC ang mga pamilya. Sumang-ayon din ang ilan na makakatulong ang mga link upang matuto pa.
    - Sumang-ayon si Robert Rochin, at nagbahagi si Jane Lee ng mga link sa webpage ng ICC at sa webpage ng Early Childhood Technical Assistance Center (Sentro ng Teknikal na Tulong sa Maagang Pagkabata) tungkol sa Child Find Federal Requirements (Mga Kinakailangang Pederal na Paghahanap ng Bata).
    - Ibinahagi ni Julie Maier na ang “Part C Child Find ay isang pederal na kinakailangan ng Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan) para sa mga estado na aktibong tukuyin, hanapin, at suriin ang lahat ng mga sanggol at batang paslit (mula kapanganakan hanggang edad 3) na pinaghihinalaang may kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad. Tinitiyak nito na ang mga serbisyong maagang interbensyon ay naibibigay agad, na nangangailangan ng mga referral (pagsangguni) sa loob ng 7 araw mula sa pagkakakilanlan at may 45-araw na takdang panahon para sa pagsusuri.

- Sa “Structure” (Istruktura) na slide:
    - Hindi naaalala ni Doug Erber na nagkaroon sila ng Executive Committee (Ehekutibong Komite). Naalala ni Debbie Sarmento na maaaring nagkaroon ng Executive Committee at iminungkahi niyang tanungin si Marie Poulsen para sa mga detalye.
    - Iminungkahi ni Julie Maier na maglagay ng pahayag mula sa isang magulang at isang propesyonal para sa bawat komite, upang mas maintindihan ng mga tao kung alin ang dapat salihan.
    - Ipinahayag ni Robert Rochin ang interes na gumawa ng maiikling video ng mga pahayag upang i-post at nagkaroon ng maikling pag-uusap tungkol sa pagkuha ng interpretasyon at pagsasalin para sa mga video. Ibinahagi niya ang ideya ng pag-anyaya sa mga miyembro na suportahan ang paggawa ng video.
- Sa “Members” (Mga Miyembro) na slide:
    - Ipinunto ni Robert Rochin na kailangang suriin ang impormasyon ayon sa mga regulasyon.
    - Nagtanong si Doug Erber tungkol sa haba ng termino ng miyembro.
        - Napansin ni Jane Lee na naniniwala siyang kasalukuyang walang limitasyon sa termino at upang magkaroon ng pagbabago, kinakailangan ng isang amyenda sa mga bylaws.
        - Naisip ni Doug Erber ang mga benepisyo at hamon ng pagtatakda ng termino at kung paano tutugon kapag may miyembrong hindi nakikibahagi sa loob ng maraming taon nang sunud-sunod.
- Sa “Meetings” (Mga Pulong) na slide:
    - Walang mga komento.
- Sa “ICC Recommendations” (Mga Rekomendasyon sa ICC) na slide:
    - Napansin ni Robert Rochin na ito ay lipas na sa panahon.
    - Iminungkahi ni Debbie Sarmento na palitan ang pangalan ng slide sa “Topics that the ICC Addresses” (Mga Paksang Tinatalakay ng ICC) at gawing mas malawak ang panimulang tala dahil nagbabago ito sa paglipas ng panahon.
    - Napansin ni Lupe Rojas-Sanchez na ang bagong pokus na resulta para sa pamilya ay panlipunang emosyonal at sumang-ayon siya kay Debbie tungkol sa pagpapalawak ng pamagat. Sumasang-ayon si Julie Maier at binanggit na mahalaga pa ring isama ang likas na kapaligiran.

    - Iminungkahi ni Robert Rochin na magdagdag ng tala, tulad ng: Ipinapalaganap at pinapalakas ng ICC ang isang koordinadong sistema ng mga serbisyo at suporta.
- Sa “Even More Recommendations” (Mas Marami pang Rekomendasyon) na slide:
    - Napansin ni Robert Rochin na maaaring magsimula ang slide sa kasalukuyang mga rekomendasyon, pagkatapos ay banggitin ang mga nakaraang rekomendasyon.
    - Iminungkahi ni Doug Erber ang isang bullet point na nagsasabing “accessibility” (kadalian ng paggamit) kaugnay ng mga serbisyo para sa mga bata. Idinagdag ni Julie Maier na maaaring kabilang din sa accessibility ang iba't ibang uri ng kapansanan, tulad ng mga low incidence disabilities (mababang dami ng mga kapansanan).
- Gagawa si Jane Lee ng isang maaaring i-edit at gumaganang bersyon ng PPT na maaaring suriin at i-edit ng mga miyembro ng komite.
- Iminungkahi ni Yuuko Johnson na suriin ang mga orentasyon ng ICC ng ibang estado para sa inspirasyon, at ibinahagi niya ang oryentasyong ICC ng estado ng New Mexico.
    - Oryenstasyon sa ICC: Ang Family Infant Toddler ICC (Sanggol na Paslit ng Pamilya) ng New Mexico
    - Edukasyon at Pangangalaga sa Maagang Pagkabata ng New Mexico: Website ng Interagency Coordinating Council (ICC)
- Sa slide na “ICC Web Site” (website ng ICC):
    - Tungkol sa mga proseso ng paglalakbay, nagtanong si Robert Rochin kung paano natututo ang mga tao tungkol sa Concur.
    - Ibinahagi ni Jane Lee na ang mga proseso sa paglalakbay ay wala na sa pampublikong website. Sa halip, isang email ang ipinapadala sa mga miyembro tuwing umpisa ng taon na naglalaman ng impormasyon tungkol sa paglalakbay. Maaaring pag-usapan ang isang pagsasanay sa paglalakbay.
    - Napansin ni Robert Rochin na maaaring isama sa slide ang “ask your mentor” (tanungin ang iyong mentor) tungkol sa paglalakbay. Naisip din niya kung dapat bang alisin ito sa PPT dahil napakaraming impormasyon nito. Matapos ang ilang pakikipag-uusap kay Doug Erber, napansin ni Robert Rochin na maaaring ilagay ang impormasyon sa nalalapit na handbook.

- Sa slide na “Moving Ahead” (Pag-usad):
    - Nais ni Robert Rochin na mairekord ang bahaging ito at hikayatin ang pagdalo bilang isang opsyonal na live na pagpupulong, personal o sa pamamagitan ng Zoom.
    - Napansin nina Robert Rochin, Doug Erber, at Julie Maier na kailangan pa ng karagdagang paliwanag ang huling tatlong bullet.

## PAMPUBLIKONG PUNA

- Walang mga komento sa panahong ito.

## PAGBOTO SA ANUMANG IMINUMUNGKAHING BAGAY NG AKSYON AT MGA SUSUNOD NA HAKBANG

- Mga bagay na kailangang gawin
    - Ibabahagi ni Jane Lee ang nae-edit na presentasyon sa PPT.
- Isang pagpupulong bago ang Mayo na pagpupulong ng ICC ay itinakda para sa ika-1 ng Abril mula alas 12:00 ng tanghali hanggang ala 1:00 ng hapon.
- Ipinabatid ni Jane Lee na ang susunod na pulong ng ICC at pulong ng Komunikasyon ay sa ika-7 at ika-8 ng Mayo, 2026.
- Ang pagpupulong ay tinapos ng alas 3:40 ng hapon.

# MGA DUMALO

## MGA HINIRANG NA MIYEMBRO NA DUMALO

Doug Erber
Marie Poulsen
Shanice Orum

## MGA KINAKATAWAN NG KOMUNIDAD NA DUMALO

Debbie Sarmento
Julie Maier
Lisa Schoyer
Robert Rochin
Yuuko Johnson

## MGA TAGASALIN NA DUMALO

Sharon Solow, ASL
Crystal Vanderwal, ASL
AnaElvia Sanchez, Espanyol
Alejandra Serrano, Espanyol

## IBA PANG DUMALO

Brigida Salinas
Courtney Chandler
Crystal Perez
Cynde Josol
Dulce Flores
Jane Lee (DDS)
Jasmine Suo (DDS)
Jenifer Pearsall
Jenine Schmidt, DDS
Joni Hasselbring, DDS
Lupe Rojas-Sanchez
Rachel Wilson (DDS)
Suada Sergio

# Mga Tanong?

Kontakin ang DDS/Early Childhood and Youth Services Division Dibisyon ng mga Serbisyo para sa Maagang Pagkabata at Kabataan)

**Email:** earlystart@dds.ca.gov
**Phone:** (800) 515-2229
**Address sa Koreo:** 1215 O Street, MS 7-40
Sacramento, CA 95814